HUWAG MAGING BIKTIMA NG PANLILINLANG SA IMIGRASYON

Kung kailangan mo ng payong legal ukol sa imigrasyon, **pumunta lang sa isang abogado o isang taong accredited ng Kagawaran ng Katarungan ng U.S. (U.S. Department of Justice, DOJ) o isang organisasyong kinikilala ng DOJ.** Makikita mo ang listahan ng mga accredited at kinikilalang tagapagkaloob sa **www.justice.gov/eoir/recognition-accreditation-roster-reports**

Kumplikado ang batas sa imigrasyon. Mag-ingat sa mga mapanlinlang na tagapagkaloob ng serbisyong imigrasyon na maaaring magsabi ng kabaliktaran at gumawa ng mga huwad na pangako.

MAG-INGAT SA MGA HUWAD NA PANGAKO, TULAD NG:

- **Madaling** paraan para makakuha ng green card
- Isang paraan para makakuha ng work permit o visa **kaagad**
- Mga pahayag na nagsasabing **walang panganib o kahihinatnan**
- Mga pahayag tungkol sa **espesyal na impluwensya** sa mga awtoridad ng imigrasyon

ANG HINDI DAPAT GAWIN:

- **Huwag** magbayad para sa mga form ng aplikasyon sa gobyerno – libre ang mga form at maaaring i-download online sa **www.uscis.gov/forms**
- **Huwag** magbigay ng mga orihinal na dokumento – magbigay na lang ng mga kopya
- **Huwag** pirmahan ang anumang blangko o hindi kumpletong form
- **Huwag** pumirma sa mga papeles, form sa imigrasyon, o kontratang hindi mo lubos na nauunawaan

ANG DAPAT GAWIN:

- **Palaging magtanong** – kahit na ang tagapagkaloob ay inirekomenda ng isang miyembro ng pamilya o kaibigan; hindi ka dapat maging kumpiyansa sa tagapagkaloob
- **Humingi ng katibayan** na ang tagapagkaloob ay isang lisensyadong abogado o accredited/kinikilala ng DOJ
- **Kumuha ng pangalawang payo**
- Tanging **sa mga tagapagkaloob lang na may aktwal na lokasyon pumunta**
- **Humiling ng nakasulat na kasunduan ng mga serbisyong ipagkakaloob** na pinirmahan ng tagapagkaloob – basahin ang kasunduan bago ito pirmahan, at itago ang pinirmahang kopya para sa iyong mga rekord
- **Kumuha ng mga kopya** ng mga dokumentong inihanda para sa iyo
- **Humingi ng nakasulat na resibo** kung saan kasama ang pangalan at address ng tagapagkaloob

MGA KAPAKI-PAKINABANG NA MAPAGKUKUNAN:

NYC
Mayor's Office of Immigrant Affairs

- Para ma-access ang libre at ligtas na mga legal na serbisyo ng imigrasyon sa iyong wika, **tumawag sa 311 at sabihin ang "ActionNYC"**
- Para mag-ulat ng panlilinlang sa imigrasyon at mga taktika laban sa mga imigrante, **tawagan ang New York State Office for New Americans-New Americans Hotline sa 1-800-566-7636**

Rev. 04/2019 [Tagalog]